

Filipino

Hinihikayat ng temang *TRANSnational STS* sa taunang pulong para sa 2018 ng Social Studies of Science (4S) ang mga presentasyon, panel at iba pang mga kaganapan na makapagpapalalim at makapagpapalawak sa transnasyunal na karakter ng kapisanan habang dinadalumat ang mga isyung kalakip ng panlaping Ingles na *trans* ('sa kabila,' 'sa dako pa roon' o 'lubusang baguhin') at ng problematiko at nagbabagong kalagayan ng mga nasyon—at maging ng muling pag-usbong ng mga nasyunalismo—sa proseso ng pandaigdigang kaayusan. Sasamantalain ang pandaigdigang saklaw ng Science and Technology Studies o STS upang lalong paigtingin ang ugnayan sa pagitan ng mga kalahok sa kumperensiya (mga iskolar, practitioner at mag-aaral) mula sa iba't ibang rehiyon at pasiglahin ang talakayan hinggil sa kung papaano makapagbibigay ang 4S at iba pang samahang pandalubhasa ng mga kinakailangang imprastruktura para sa mga transnasyunal na pakikipagtulungan at gawaing intelektwal at pampulitika na nakatuon sa susunod na henerasyon. Layunin ding hikayatin na isaalang-alang ang malawak na hanay ng mga konsepto na dumaranas o nararapat magdanas ng pagbabago bago matugunan ang mga pangunahing suliraning pangkaalaman at praktikal ng ating panahon. Ang mga konsepto, kaalaman, kasanayan at institusyon ng 'nasyon' ay mga batayang makapagtuturo sa pangangailangan sa pagbabagong radikal ng mga nakasanayang pamamaraan ng pag-iisip at pagbabanghay sa pamamahala, pangangatawan at pamumuhay. Hinihikayat din na malawak na isaalang-alang ang iba pang mga saligan at umuusbong na konsepto tulad ng katarungan, biopolitics, inobasyon, Imperyo at ang Anthropocene. Maglulunsad ng mga aktibidad bago ang kumperensiya na maglalapit sa mga kalahok sa mga isyung may espesyal na kahalagan para sa Australia at sa mas malawak na rehiyon ng Asya-Pasipiko tulad ng indigenous politics, border control, pagmimina, climate change at renewable energy, at ilalakis din ang mga ito sa kabuuan ng mga talakayan. Ang pangkalahatang layunin ay mabigyang-diin ang magkakaibang pinagmulan at dulog ng STS gamit ang mayaman nitong pluralismo na nakatuon sa mayamang pluralismo ng kontemporaryong mundo.